Unang Edisyon

# iSangLahi 6

## Mga Hamon at Tugon sa Pagkabansa




Online Offline MATERIALS

DepED K·12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Kinalalagyan ng Pilipinas at ang Malayang Kaisipan sa Mundo

## Aralin 1: Ang Pag-usbong ng Kamalayang Nasyonalismo

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Nasusuri ang konteksto ng pag-usbong ng liberal na ideya tungo sa pagbuo ng kamalayang nasyonalismo.
- Natatalakay ang epekto ng pagbubukas ng mga daungan ng bansa sa pandaigdigang kalakalan.
- Naipaliliwanag ang ambag ng pag-usbong ng uring mestizo at ang pagpapatibay ng Dekretong Edukasyon ng 1863.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
   - Panalangin at pag-check sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
   - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
   - Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang ideya nila tungkol sa kalakalang galyon.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang **iPresentation** na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2-7**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang nasyonalismo ay ang masidhing damdamin na nagpapakita ng pagmamahal sa sariling bansa.
- Ang Manila-Acapulco Galleon Trade ay isang uri ng kalakalan na nagmumula sa Acapulco, Mexico papunta at pabalik sa Pilipinas.
- Mestizong Espanyol ang tawag sa mga anak ng Pilipino at Espanyol at Mestizong Tsino naman ang tawag sa mga anak ng Pilipino at Tsino.
- Sila ay kabilang sa panggitnang uri ng lipunan sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol.
- Si Reyna Isabel II ang nagpahayag ng Dekretong pang-edukasyon noong Disyembre 20, 1863. Ito ay may layunin na ayusin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas.
- Si Gobernador-Heneral Carlos Maria De la Torre ay itinalaga bilang Gobernador-Heneral sa Pilipinas noong 1869 at nanungkulan hanggang 1871.
- Siya ay isang Espanyol na naniniwala at nagpapatupad ng kaisipang liberal.

## IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

1. Nasyonalismo
2. Suez Canal
3. Manila-Acapulco Galleon Trade
4. Ilustrados
5. Carlos Maria de la Torre

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaring magkakaiba ang mga sagot.*

## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaring magkakaiba ang mga sagot.*

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Sino si Padre Pedro Pelaez?
2. Ano ang ibig sabihin ng Propaganda?
3. Ano-ano ang layunin ng La Liga Filipina?
4. Sino ang katipunan? Ipaliwanag.
5. Ilarawan ang Katipunan.